PAGHAHANDA SA BAGYO

BAGO DUMATING ANG BAGYO

- Maghanda ng ilaw (Flashlight, kandila o gasera), radyong de baterya, supply ng pagkain at malinis na tubig.
- Suriin ang bahay at kumpunihin ang mga mahihinang bahagi nito.
- Ilikas ang mga hayop at mga bangka sa ligtas na lugar.
- Anihin ang mga pananim na maaari ng anihin.
- Kung ang inyong lugar ay bahain, maghanda ng mga dapat dalhin kung kinakailangang lumikas, tulad ng damit mahahalagang dokumento, atbp.

HABANG MAY BAGYO

- Manatili sa loob ng bahay at makinig sa radyo para sa weather updates.
- Ingatan ang mga gasera o kandilang may sindi.
- Kung kailangang lumikas, isara ang mga bintana at ibaba ang main switch ng kuryente.
- Ilagay sa mataas na lugar ang mahahalagang bagay tulad ng appliances at tabunan ng plastic o selopin.

PAGKATAPOS NG BAGYO

- Huwag mamulot ng mga nahulog na bungang prutas at niyog kung malakas pa ang hangin.
- Ipaalam sa kinauukulan kung may natumbang poste ng kuryente o mga napatid na kable.
- Kaagad magsagawa ng paglilinis at itapon ang mga naipong tubig sa mga gulong, lata, o paso upang hindi pamahayan ng lamok.

GABAY KALIGTASAN ng PAMILYA

"Ang unang hakbang sa kaligtasan ay nagmumula sa Pamilya."

MAYOR MEYNARDO B. SOLOMON
Boac MDCC Chairman

I-TEXT ANG KRIMEN AT SAKUNA SA PULIS:

0920-2494-111

BOAC COMMUNITY CRIME AND EMERGENCY TEXT HOTLINE

HOTLINES:

Fire	-	160	Mayor	-	311-1378
Police	-	166	MSWD	-	311-1479
Hospital	-	169			

Sa isang ***sakuna*** tulad ng **bagyo** at **lindol**, ang mga puno na malapit sa ating bahay, ang mga ordinaryong bagay sa loob ng kabahayan tulad ng malalaking aparador, divider at iba pang mabibigat na gamit ay maaaring magdulot ng pinsala at kapahamakan sa ating buhay at mga ari-arian. Anumang bagay na maaaring maigalaw, bumagsak, maputol, matumba, mabasag o maging dahilan ng sunog ay magsisilbing panganib sa ating mga mahal sa buhay kung hindi natin ito maisasaayos.

Ang mga sumusunod ay mga **hakbangin pangkaligtasan** na maaari nating **isagawa ngayon:**

Kung may puno na malapit sa bahay:

- Maaaring putulin ang matataas na **puno** tulad ng niyog na malapit sa inyong bahay. Makipag-ugnayan sa local na Tanggapan na Philippine Coconut Authority at sa Barangay para sa kaukulang permiso. Maaaring palitan ito ng **dwarf** coconut trees.

Kung ang **puno** na malapit sa inyong bahay ay matigas na kahoy pwede po natin itong pigilan ang paglaki at pagtaas sa pamamagitan ng "**Crown Reduction Pruning**" kung saan pinuputol ang mga sanga sa itaas ng puno. Sumangguni sa local na opisina ng DENR at Municipal Agricultural Office.

- Kung ang **puno** na malapit sa inyong bahay ay namumunga tulad ng mangga, santol, kayamito at iba pa, maaaring gawin dito ang sistemang "**Fruit Trees Pruning**" na kung saan ay pwede **putulin** o **bawasan ang mga sanga** nito para ma-control ang paglaki at pagtaas nito. Ang "Fruit Tree Pruning" ay nakakapagparami ng bunga kung tama ang pagsasagawa nito. Sumangguni sa Municipal Agricultural Office.

MGA KAGAMITAN SA LOOB NG BAHAY

- Ipako o itali ang mga matatas na aparador at iba pang mga bagay na maaaring bumagsak kung may malakas na hangin o paglindol.
- Huwag magsabit ng mga larawan, plake at iba pang bagay sa tapat ng inyong kama o lugar ng tulugan upang maiwasan mabagsakan habang natutulog lalo na kung malakas ang hangin o may paglindol.
- Huwag gawing bodega ang kisame ng inyong bahay.
- **Ipa-inspeksyon** sa inyong barangay elektrisyan o sa mga Electrical Engineers ang inyong **electrical wiring** isang beses sa isang taon.
- **Huwag maglagay ng mabibigat na bagay** sa itaas ng mga aparador o divider. Ilagay ito sa gawing ibaba.
- Kung mag-iimbak ng **gaas** at **gasoline, pesticides at** iba pang bagay na maaaring sumiklab, siguruhing sa **labas ng bahay** ito ilagay at sa lugar na hindi maaring maabot ng bata. Lagyan ito ng marka kung gaas gasoline, o lason.

ESTRUKTURA NG BAHAY:



- **Suriin** ang mga **pundasyon**, **haligi**, **biga, kisame** at **bubong** ng bahay at magsagawa kaagad ng kaukulang pag-aayos at pagpapatibay nito. Sumangguni sa tanggapan ng Municipal Engineer o sa mga lokal na karpentero o mason sa inyong komunidad.

"Sa pagtutulungan at agarang pagkilos gawing ligtas ang ating mga mahal sa buhay. Ang unang hakbang sa kaligtasan ay nagmumula sa pamilya."